# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 43*
# *Buhay na Salita para sa Simbahan ng Diyos*

***"1 Mga kapatid, kung ang sinoman ay masumpungan sa anomang pagsuway, kayong mga sa espiritu, ay inyong papanumbalikin ang gayon sa espiritu ng kahinhinan; na iyong pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso. 2 Mangagdalahan kayo ng mga pasanin ng isa't isa, at tuparin ninyong gayon ang kautusan ni Cristo. 3 Sapagka't kung ang sinoman ay nagaakala na siya'y may kabuluhan bagaman siya ay walang kabuluhan, ang kaniyang sarili ang dinadaya niya. 4 Nguni't siyasatin ng bawa't isa ang kaniyang sariling gawa, at kung magkagayon ay magkakaroon siya ng kaniyang kapurihan tungkol sa kaniyang sarili lamang, at hindi tungkol sa kapuwa. 5 Sapagka't ang bawa't tao ay magpapasan ng kaniyang sariling pasan. 6 Datapuwa't ang tinuturuan sa aral ng Dios ay makidamay doon sa nagtuturo sa lahat ng mga bagay na mabuti. 7 Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro: sapagka't ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya. 8 Sapagka't ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwa't ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan. 9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod. 10 Kaya nga, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya." (Galacia 6:1-10 KJV)***

Sa piniling bahaging ito ng sulat ni Pablo sa simbahan ng mga Taga Galacia ay binalangkas niya sa atin ang mga panganib at patibong na maaring maging dahilan sa ating pagbagsak sa mga suliranin. Nagsalita Siya tungkol sa mga kasalanang nagdudulot sa atin ng mga kaguluhan. Binanggit niya kung paano matutulungan ng katawan ni Cristo at maipanumbalik. Binanggit din ni Pablo sa talatang ito ang tungkol sa paraan para maging pagpapala tayo sa iba sa loob ng simbahan at kalaunan sa mga nasa labas ng simbahan.

***"1 Mga kapatid, kung ang sinoman ay masumpungan sa anomang pagsuway, kayong mga sa espiritu, ay inyong papanumbalikin ang gayon sa espiritu ng kahinhinan; na iyong pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso." (Galacia 6:1 KJV)*** * Ang mga pagkakamali ay pagsuway na ginawa nang walang kamalayan ***, kung ang sinoman ay masumpungan sa anomang pagsuway",*** at hindi niya alam kung anong ginawa niya, kung gayon sa pagiging bahagi ng katawan ni Cristo, dapat napapalibutan siya ng mga nasa espirituwal at may mas karanasan sa buhay at sa Panginoon at sa Kanyang Salita. Ang mga pagkakamali kung hindi maitatama at maitutuwid ay magiging kasalanan at may masamang epekto. Ang simbahan kapag nalaman ang tungkol sa mga naturang bagay ay kumilos upang itama ang mga bagay. Ang mga espirituwal na bahagi ng katawan ni Cristo ay dapat makibahagi sa kanilang tungkulin. * Kaya naman napakahalaga ng pag-uulat ng gayong mga bagay sa pamunuan ng simbahan para makibahagi sila sa pagtutuwid. * Dapat gawin ng mga espirituwal na mga kasapi ng katawan ni Cristo ang kanilang tungkulin na malumanay na ipaliwanag sa taong nagkasala o nagkamali ang masamang epekto ng gayong mga pagkakamali at kasalanan upang sila ay magsisi at sa huli ay maibalik.

Ang simbahan, kabilang ang mga namumuno, ang mga manggagawa at kasapi ay dapat kumilos nang magkakasama at ang lahat ay may pananagutan na tulungan ang mga nahulog sa kasalanan at gawin ang kinakailangan sa kanila. Ang kahinahunan at kaamuan ay dapat gamitin ng lahat sa pagharap sa mga pagkakamali at kasalanan. Pagtitiis at pagtitiyaga na kinakailangan para patuloy na ipaliwanag at palawakin ng simbahan ang masamang epekto ng mga kasalanan at ang paraan upang magsisi at lumabas mula dito.

Ang mga nahulog sa mga pagkakamali o kasalanan, kailangan nilang ipakita ang kaamuhan at hayaan ang simbahan na gabayan sila hanggang makalaya sila sa mula sa naturang mga kasalanan at pagkakamali kasama ng masasamang epekto nito. Kailangan nilang magpasakop sa Salita ng Dios na itinuturo ng Dios mula sa Salita ng Dios sa Bibliya upang ang kanilang pagsisisi ay maging totoo at ang kanilang buhay ay mabago.

Ang pagmamataas, kayabangan at paglaban sa pagtutuwid ay hindi makakatulong sa mga nagkasala o nagkamali. Kung gagawin nila iyon ay hindi sila pagpapalain o posibleng na sila'y maibalik.

***"na iyong pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso."*** Kailangan ang pagbabantay sa bawat isa sa atin upang hindi tayo matukso. Kailangan munang bantayan ng bawat isa sa simbahan ang kanyang sarili, pagkatapos ay kailangan niyang bantayan ang iba. Ang tunay na pag ibig ng Dios ay ang mahalin ang iba at tulungan silang maibalik mula sa kanilang mga problema at mahalin ang ating sarili na maging mapagbantay upang maiwasang mahulog sa bitag ng masama.

***"2 Mangagdalahan kayo ng mga pasanin ng isa't isa, at tuparin ninyong gayon ang kautusan ni Cristo. 5 Sapagka't ang bawa't tao ay magpapasan ng kaniyang sariling pasan." (Galacia 6:2, 5 KJV)*** Ang bawat kasapi ng katawan ni Cristo ay may kanyang sariling kabigatan o pasanin patungkol sa kanyang mga pananagutan sa trabaho, sa kanyang pamilya at sa kanyang ministeryo, at kailangan niyang gawin ang mga ito nang maayos. Maaring matupad ng tao ang kanyang sariling kabigatan o pasanin at hanggang sa 100 porsiyento ng kanyang kakayahan. Ngunit may panahon na ang taong iyon ay kailangan matulungan at alalayan kapag siya ay sobrang nabibigatan at nababagabag sa isang malaking pasanin na hindi niya kayang gawin, at dito pumapasok ang pananagutam ng katawan ni Cristo sa isa't isa. Dito pumapasok ang pakiramdam ng pagiging responsable sa iba sa paligid mo sa loob ng simbahan at maging handang tulungan sila sa oras ng kanilang mga pangangailangan.

Paano sa pamamagitan ng simbahan ay matutulungan natin ang isa't isa at dalhin ng pasanin ng isa't isa?

1. Pananalangin para sa mga may kabigatan sa kanilang buhay. Ganyan ngayon kahalaga na pagiging bukas at sabihin sa pamunuan ng simbahan kung ano ang dumadaan sa iyong buhay upang maipanalangin natin ang lahat ng mga alalahanin at pasaning ito.

2. Pagbibigay ng kinakailangang Salita ng Dios para sa pagpapayo at pagbibigay ng payo upang lutasin ang kanilang mga suliranin at mabawasan ang kanilang mga pasanin. Baka mali ang kanilang iniisip at maling plano kaya nagkakaroon sila ng pasanin at problema sa buhay.
3. Pagsasaway sa kanila at pagtutuwid sa kanila ng Salita ng Dios upang makatakas mula sa mga kasalanan at magsisisi, upang tanggapin nila ng kaligtasan, at manumbalik ang pagpapala ng Dios.
4. Pagkatapos malaman ng simbahan ang buong sitwasyon, maaaring kailanganin nating tulungan sila sa pisikal na paraan. Pagbibigay sa kanila ng ating oras at pisikal na pagsisikap na dalhin ang pasanin at kung ano man ang mga tulong na kailangan upang mapabilis ang proseso ng pagbawi at pagpapanumbalik.
5. Patuloy silang subaybayan nang malapitan, hanggang sa lubos silang makabawi at makapagpatuloy sa kanilang buhay sa normal na paraan.
6. Itatag sila pataas upang maging pagpapala sa iba, at mga manggagawa na maglingkod sa Dios kasama natin at gawin ang Kanyang kalooban.

***“3 Sapagka't kung ang sinoman ay nagaakala na siya'y may kabuluhan bagaman siya ay walang kabuluhan, ang kaniyang sarili ang dinadaya niya,” (Galacia 6:3 KJV)*** Narito ang babala laban sa pagmamalaki at laban sa sariling katuwiran. Ito ay hindi mga pagkakamali kundi mga kasalanan at ang mga mananampalataya ay dapat magsisi sa mga kasalanang ito. Ang naturang mga kasalanan ay hahadalang sa atin mula sa paglilingkod at hahadlang sa atin mula sa pagkakaroon ng pagkakataon na maglingkod. Huwag dapat nating isipin na mas mabuti tayo kaysa iba. Ang tamang pag iisip ay yaong kailangan nating gawin ang ating tungkulin nang maayos sa paggawa ng ating mga pananagutan at tulungan ang iba hangga’t tayo’y itinalaga at may pagkakataon na gawin iyon.

***“4 Nguni't siyasatin ng bawa't isa ang kaniyang sariling gawa, at kung magkagayon ay magkakaroon siya ng kaniyang kapurihan tungkol sa kaniyang sarili lamang, at hindi tungkol sa kapuwa.” (Galacia 6:4 KJV)*** Siyasating muli ang iyong sarili at tingnan kung ginagawa mo nang maayos at ginagawa ang iyong mga pananagutan at mga takdang gawain sa isang maayos na paraan. Isipin mo ang iyong sariling buhay at huwag mong ihalintulad ang sarili mo sa iba. Sa gayong mga hakbang malinaw na dapat tinggnan muna ng tao sa kanyang sarili, alamin ang kanyang mga pagkakamali at kasalanan, itama ang kanyang sarili, at tumanggap ng pagwawasto o payo mula sa mga espirituwal na kasapi at sa pamunuan ng simbahan na muling maibalik sa kanyang sariling espirituwal na mabungang katay uan. Ang higit na tayo’y nagpapakumbaba, kung gayon mas nagagawa nating makita ang ating sariling mga kamalian at pagkakamali at mas bukas tayo para sa pagtutuwid na makakagawa sa ating tanggapin ang mga pagpapala ng Dios.

***“6 Datapuwa't ang tinuturuan sa aral ng Dios ay makidamay doon sa nagtuturo sa lahat ng mga bagay na mabuti.” (Galacia 6:6 KJV)*** Kapag tumanggap ka ng aral na naghatid ng pagpapala sa iyong buhay, kung gayon sa parehong paraan kailangan mong ibahagi ang mga pagpapala na mayroon ka sa mga nagturo sa iyo.

Upang ***“makidamay doon sa nagtuturo sa lahat ng mga bagay na mabuti.”***, upang gawing malinaw ito sa lahat na ang taong nagturo sa iyo ng Kanyang pagpapagal ay hindi magiging walang kabuluhan. * Ang iyong mabuting patotoo ay binabago at nagbabago ay ang paraan para gantimpalaan mo ang taong tumulong sa iyo na lumakad sa mga landas ng Dios. Kapag ipinapangko mo na iyong buhay sa Dios, sa Kanyang simbahan, at sa aral ng Salita ng Dios na ibinigay ng iyong mga guro kung gayon ginagantimpalaan mo ang taong nagturo at nagsanay sa iyo, * Kung ikaw ay isang responsableng tao, ginagawa ang iyong mga takdang gawain at kung ano ang hiniling sa iyo nang maayos, pagkatapos ay magiging at ikaw ay isang mabungang tao, na pinagpapala ang iyong sarili at ikaw ay isang pagpapala sa iba. Lahat ng iyan ay magpapahayag ng malaking gantimpala sa mga taong nagsikap sa paglilingkod sa iyo at magpapatatag sa inyo kay Cristo. * Kaya gawin natin ang ating mga pananagutam upang mapasaya ang Dios at makipag-usap at magbahagi ng mabubuting bagay sa mga nagturo sa atin.

***“7 Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro: sapagka't ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya. 8 Sapagka't ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwa't ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan.” (Galacia 6:7-8 KJV)*** Narito ngayon ang paraan upang pagpalain. Kailangan mong patuloy na magtanim ng binhi at maging pagpapala sa iba. Ang higit na ikaw ay nagtatanim at nagiging pagpapala sa iba kung gayon mas higit kang tatanggap at masisiyahan sa mga pagpapala ng Dios at aanihin ang walang hanggang buhay. Ngunit kung nabubuhay ka sa kasalanan, sa pagiging tamad at nabubuhay para sa iyong sariling pangarap at pagnanasa kung gayon mas lumilikha ka ng mga problema sa iyong sarili at aanihin ang kasamaan at kaguluhan.

***“9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod.” (Galacia 6:9 KJV)*** Huwag dapat tayong mapagod, huwag dapat tayong maging tamad, huwag dapat tayong maging makasarili, o magkaroon ng kakulangan ng pakikipag ugnayan at iba pang mga bagay na magbabawal sa atin na gawin ang mabubuting bagay na inihanda ng Diyos para sa atin. Dahil alam at naunawaan natin mula sa Kasulatan na balang araw ay aanihin natin ang ani, kaya hindi tayo dapat sumuko. Hindi tayo dapat panghinaan ng loob sa mga pagsubok sa buhay upang patuloy na gumawa ng mabuti. Hindi tayo dapat panghinaan ng loob kapag may gumagawa sa atin ng masama lalo na ang mga pinaglilingkuran natin. Palagi nating alalahanin na anuman ang ating ginagawa, ginagawa natin ito sa Panginoon at tiyak ang Panginoon ang maggagantimpala sa atin para sa lahat ng mabubuting bagay na nagawa natin para sa Kanya at sa Kanyang bayan. Sapagkat,***”10 Makatarungan ang Diyos; hindi niya malilimutan ang inyong ginawa at ang pagmamahal na inyong ipinakita at hanggang ngayo'y ipinapakita sa pamamagitan ng paglilingkod ninyo sa mga hinirang ng Dios. 11 Ang nais namin ay patuloy na magsumikap hanggang wakas ang bawat isa sa inyo upang makamtan ninyo ang inyong inaasahan. 12 Kaya't huwag kayong maging tamad. Tularan ninyo ang mga taong dahil sa kanilang pagtitiis at pananalig sa Diyos ay tumatanggap ng mga ipinangako niya.” (Hebreo 6:10-12 NIV)***

***"10 Kaya nga, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya." (Galacia 6:10 KJV)*** Ngayon ay malinaw na, na kailangan nating patuloy na gumawa ng mabuti sa lahat, at iyon ang dahilan kung bakit tayo nag eevangelio upang dalhin ang mabuting balita ni Jesus at ang pangako ng Dios sa lahat ng tao at mga bansang nakapaligid sa atin. Naliligaw sila kung wala ang Dios. Kaya kailangan nating tulungan sila, gabayan, tulungan, at akayin sila sa tamang landas, pagkatapos ay idisipulo sila at turuan sila ng mga landas ng Dios.

***"Lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya."*** Na nangangahulugang kailangan nating patuloy na gawin ang ating buong aktibong tungkulin sa katawan ni Cristo, sa Kanyang simbahan, na ginagawa nang maayos ang ating mga pananagutan at atas. Sa ganoong paraan tayo ay nagiging isang pagpapala sa simbahan at iyon ay makakatulong sa simbahan na lumago at maabot ang iba at aanihinn natin ang karagdagang mga pagpapala.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang mas higit kang nagbibigay at nag aambag, tumutulong at sumusuporta, kung gayon ay mas marami kang natatanggap at pinagpapala. Ipagkatiwala ang iyong sarili sa Dios at sa Salita ng Dios na narinig mo mula sa mensahe. Tandaan ang mga sumusunod:-

1. Ang Diyos ay naglagay ng tungkulin sa iyong buhay.
2. Ipagkatiwala ang iyong buhay at ang iyong mga landas sa Dios at simulang maglingkod sa Kanya.
3. Pagpapalain ka kapag sumang ayon kang maging pagpapala sa iba.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay, Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong Salita na ginawang malinaw ang iyong tungkulin sa akin, at nagbalangkas ng aking mga pananagutan sa iyo, sa iyong simbahan at sa mga naliligaw na kaluluwa sa malinaw na paraan. Panginoon salamat po sa lahat ng pagwawasto at mga payo na natanggap ko sa mensaheng ito mula sa inyo.*

*Ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasalanan at pagkakamali sa Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong pagmamataas, galit, sariling katuwiran, kayabangan at paglaban sa pagtutuwid. Ipagtapat at talikuran ang iyong kabastusan at ang iyong hindi mahinahong pagkikipag usap upang itama ang iba. Ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasinungalingan, ang iyong pagnanasa at imoralidad. Ipagtapat at talikuran ang iyong kamunduhan, ang iyong kasakiman at pagmamahal sa pera. Iwaksi ang iyong kawalang katapatan at ang iyong hindi pagsang ayon na makipag usap nang maayos sa mga taong nagturo sa iyo at gumabay sa iyo sa Salita ng Dios at nagtayo sa iyo kay Cristo. Itakwil ang iyong kawalang kahadaang magbahagi at tulungan ang iba na nasa kaguluhan. Itakwil ang iyong katamaran at pagiging masamang halimbawa sa iba, Itakwil ang iyong kakulangan ng pagbabasa ng Salita ng Dios at kawalan ng pananalangin. Panginoon ako'y nagsisisi, patawarin ako sa mga sumusunod na kasalanan ______________________.*

*Panginoon ipinangko ko ang aking sarili sa gawain at sa ministerio sa simbahan na inilagay mo sa akin. Panginoon narito ako, handang ibigay at suportahan sa lahat ang ibinigay mo sa akin mula sa mga mapagkukunan upang maging pagpapala sa iba. Panginoon palakasan mo ako at bigyan mo ako ng magandang kalusugan at maglaan para magawa ko iyan. Panginoon, nagpapasalamat ako sa iyo at pinupuri kita; ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon samalat para sa aking mga Kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi ar bumalik sa iyo at handang sumunod sa inyong Salita at gawin ang inyong kalooban. Panginoon ibalik sila nang lubusan ng sa iyo at tulungan silang magparami ng bunga ng Banal na Espiritu; pag ibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabaitan, kaamuan, pananampalataya, pagtitiis, pagpipigil sa sarili, at mahabang pagdurusa upang makita ng iba si Jesus sa kanilang buhay.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan. Panginoon, patnubayan kami na tulungan at iwasto sa mahinahong paraan ang mga nagkamali at nahulog sa kasalanan upang sa wakas ay maibalik sila sa iyo at sa iyong paglilingkod. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay para magpatuloy at maglingkod sa iyo; pag abot sa mga naliligaw, pag eevangelio, paggawa ng mga bagong disipulo, pagsasanay sa mga manggagawa at pagtatanim ng mga bagong pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal an Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.